

## Mga Protokol sa Muling Pagbubukas para sa mga Hotel, Panuluyan at Panandaliang Pagpaparenta: Appendix P

**Epektibo mula noong: Huwebes, Mayo 6, 2021**

**Kamakailang mga pagbabago:** (Ang mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

**5/5/2021:** Ang mga fitness center at mga pasilidad ng spa/sauna ay maaaring bukas sa 50% panloob na kapasidad gamit ang mga Protokol para sa mga Gym at Fitness Center at mga Establecimiento ng Personal na Pangangalaga. Ang mga telebisyon ay pinahihintulutan para sa parehong panloob at panlabas gamit ang Mga Protokol para sa mga Restawran at Bar.

**4/22/2021:** Binago upang ihanay sa nabagong patnubay ng estado na nagpapahintulot sa mga pasilidad na mag-host ng mga pribadong kaganapan. Ang patnubay sa paglilinis ay nabago na para ipakita ang mga pagbabago sa patnubay sa paglilinis ng CDC. Ang lengguwahe ng bayad na bakasyon dahil sa sakit (paid sick leave) ay nabago na.

Ang mga rate ng kaso ng COVID-19, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ay bumaba na sa ilan at tila matatag na, ngunit ang COVID-19 ay patuloy na nagbabadya ng mataas na panganib sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawad ng mga pag-iingat at pagbabago sa mga operasyon at aktibidad para mabawasan ang panganib ng pagkalat.

Dahil sa ang Los Angeles County ay pumapasok sa "Dilaw na Tier" (Yellow Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng Mas Ligtas na Ekonomiya (State's Blueprint for a Safer Economy framework), ang protokol na ito ay binago para pawiin ang ilang mga pag-iingat na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga Hotel, Panuluyan (lodging), at Panandaliang Pagpaparenta (short-term rental) ay dapat na magpatuloy ng may pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensyal na pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo.

Ang mga kinakailangan/inaatas na nasa ibaba ay partikular sa mga hotel, lodging, at short-term rental na mga industriya.

Dahil sa ang mga panloob (indoor) na aktibidad ay may dalang mas malaking panganib na nauugnay sa transmisyong COVID-19, labing-labo na sa mga espasyo na may mahinang bentilasyon, kritikal na ang mga pasilidad ay nagtitiyak na: ang angkop na pisikal na pagdistansya ay napapanatili, ang mga kostumer at kawani ay may suot-suot na mga maskara sa mukha sa lahat ng oras, ang kalinisan ng kamay ay istriktong nasusunod, at ang bentilasyon ay maayos. Ang mga panlabas (outdoor) na lugar ay dapat na gamitin lamang sa isang pamanahang na pinapayagan ng Utos ng Opisyal ng Kalusugan (Health Officer Order).

Ang mga hotel, lodging, at short-term rental ay may bilang ng mga aspetong pang-operasyon at mga alok na serbisyo na ginagamit sa iba pang patnubay at magagamit sa: <http://publichealth.lacounty.gov/media/coronavirus/reopening-la.htm>. Ang mga grupo at lugar ng pagdarausan ng pagtatanghal ay dapat na suriin ang patnubay na ito para ilapat ang mga naaangkop na protokol sa lahat ng mga aspeto ng operasyon, maliban kung hindi inaatas sa dokumentong ito, kabilang ang:

- Protokol para sa [mga Tingiang Establecimiento](#) (Retail Establishments) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County (Public Health o DPH o LACDPH)
- Protokol para sa [mga Opisina na Lugar ng Trabaho](#) ng LACDPH
- Protokol para sa [mga Restawran](#) ng LACDPH
- Protokol para sa [mga Bar](#) ng LACDPH
- Protokol para sa [mga Pribadong Kaganapan \(Mga Pagpupulong, Resepsyon, Kumperensya\)](#) ng LACDPH
- Protokol para sa [mga Establecimiento ng Personal na Pangangalaga](#) ng LACDPH
- [Protokol para sa mga Pampublikong Palangyuan ng LACDPH](#)

h. Protokol para sa mga Establecimiento ng Gym at Fitness ng LACDPH

Para sa mga layunin ng protokol na ito, ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan (fully vaccinated) laban sa COVID-19  $\geq 2$  linggo pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (Pfizer-BioNTech o Moderna), o  $\geq 2$  linggo pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

Ang mga sumusunod ay tinatanggap na ipakita ng mga empleyado sa kanilang employer bilang patunay ng “ganap na pagbabakuna” (“full vaccination”): 1) isang larawan ng pagkakakilanlan (photo identification) at 2) isang card sa pagbabakuna (na may kasamang pangalan ng taong binakunahan, uri ng bakuna na ibinigay at petsa ng huling pagbigay ng dosis) O isang larawan ng card sa pagbabakuna ng bisita bilang isang hiwalay na dokumento O isang larawan ng card sa pagbabakuna ng bisita na itinabi sa isang telepono o elektronikong aparato O dokumentasyon ng kanilang full vaccination laban sa COVID-19 na mula sa isang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan o healthcare provider (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan, uri ng bakuna sa COVID-19 na ibinigay at petsa ng huling pagbigay ng dosis). Kung isa sa mga kriterya na ito ay hindi natugunan o ang tao ay hindi makapagpakita ng nasabing dokumentasyon, ang tao ay hindi itinuturing na fully vaccinated.

**Mangyaring tandaan:** Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may mga karagdagang impormasyon at mga sangguinian na mapagkukunan (resources) kung kaya’t madalas na tingnan ang website ng LA County <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito at kaugnay na gabay, kabilang yong mga nakalista na itaas.

Ang listahang ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakarán at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagkakaibang
- (3) Mga hakbang para masiguro ang pakontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo

Ang limang pangunahin na aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagpubukas.

Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng protokol na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

Pangalan ng Negosyo: \_\_\_\_\_

Address ng Pasilidad: \_\_\_\_\_

Pinakamaraming Okupante,  
kada Fire Code: \_\_\_\_\_

Tinatayang kabuuan sa  
talampakang kuwadrado ng  
espasyo na bukas sa publiko: \_\_\_\_\_

**A. MGA PATAKARAN AT KASANAYAN SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)**

- Ang lahat ng tao na kayang gawin mula sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- Hangga't maaari ang mga bulnerableng kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga buntis, at mga may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaaring gawin mula sa bahay, at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kanilang healthcare provider o mga serbisyo sa katungkulang pangkalusugan (occupational health services) upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19.
- Ang mga manggagawa ay binigyan ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon na itinaguyod ng amo (employer) o gobyerno na maaaring matanggap ng empleyado para makatulong sa pinansyal habang nananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon sa [mga programa ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19](#), kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit (sick leave) sa ilalim ng 2021 [COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law](#).
- Sa oras na napagbigay-alam na ang isa o higit pang mga empleyado ay nasuring positibo para sa, o may mga sintomas na patuloy na tumutugma sa COVID-19 (kaso), ang employer ay may plano o protokol na isasaayos upang ang (mga) kaso ay [maibukod ang kanilang mga sarili sa bahay](#) at mangailangan ng agarang [pag-quarantine sa sarili](#) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga empleyado na naka-quarantine na magkaroon ng akses sa o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung mayroon pang karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailangan ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng DPH sa [pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho](#).
- Sa kaganapan na ang may-ari, manager, o operator ay nalaman na 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 sa lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa DPH sa (888) 397-3693 o (213) 240-7821 o online sa [www.redcap.link/covidreport](http://www.redcap.link/covidreport). Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, pasisimulan ng DPH ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkakatibay ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng DPH ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad.
- Ang mga pagsusuri sa pasukan (entry screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado, mga kontraktor, mga nagtitinda, mga tauhan ng paghahatid (delivery personnel), at iba pang mga bisita bilang pagsunod sa [gabay sa Pagsusuri sa Pasukan ng DPH](#). Kasama sa pagsusuri ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check-in o sa pamamagitan ng karatulang nakapaskil sa pasukan sa pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga ganitong sintomas ay hindi maaaring pumasok sa mga lugar. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
  - o Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
  - o Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
    - Kung ang tao ay hindi fully vaccinated laban sa COVID-19 at nagkaroon ng isang

pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa [ph.lacounty.gov/covidquarantine](http://ph.lacounty.gov/covidquarantine).

- Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa [ph.lacounty.gov/covidisolation](http://ph.lacounty.gov/covidisolation).

- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, ng walang gagastusin, ng isang [naaangkop na maskara sa mukha](http://naaangkop-na-maskara-sa-mukha) na tumatakip sa ilong at tibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa COVID-19 ng LAC PHH sa <http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks>. Ang maskara sa mukha ay dapat na isuot ng empleyado sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na nakikisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang tagapagbigay ng medikal (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang pantakip sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ilabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintutan ito. Isang drape na akma (form-fitting) sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara na may mga isang paraan balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin. Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras maliban kung sila ay mag-isa sa mga pribadong opisina na may saradong pinto o kapag sila ay kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partiyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado kapag nakatayo ay napawalang halaga hanggang sa karagdagang abiso.
- ❑ Ang mga empleyado ay tinuturuan sa wastong paggamit ng mga maskara sa mukha, kabilang ang pangangailangan na labhan, kung naaangkop, o palitan araw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha.
- ❑ Para matiyak na ang mga maskara ay isusuot ng tuloy-tuloy at tama, pinagbabawalan ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (pag-break) kapag nagagawa na nilang tanggalin ng ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao, kung maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkaka-loob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harap sa pagitan ng mga manggagawa. Mas malamang na mangyari ang transmisyon ng COVID-19 kapag ang mga empleyado ay nararoon ng magkakasama ng hindi nagsusuot ng mga maskara sa mukha.
- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad (maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o pag-break. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
  - Pagpapaskil ng pinakamaraming pwedeng mag-okupa (maximum occupancy) na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa pag-break;
  - Halinhinan sa pag-break o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at pag-break;
  - Paglalagay ng mga mesa sa hindi bababa sa walong talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partiyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.

- Saanman posible, ang mga outdoor na lugar sa pag-break na may mga lilim na takip at upuan ay nagtitiyak na ang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga empleyado ay ipinagkaloob.
- Ang mga tagapangalaga ng bahay (housekeepers) at iba pang mga tao na kailangang pumasok sa mga silid ng bisita ay pinapatnubayan na magsuot ng isang maskara sa mukha.
- Ang mga empleyado ay pinapatnubayan na tiyakin na ang mga kasanayan sa kalinisan ng kamay kabilang ang madalas na paghuhugas ng kamay, paggamit ng hand sanitizer at wastong paggamit ng guwantes ay nasusunod.
- Ang mga empleyado ay binibigyan ng oras para hugasan ang kanilang mga kamay ng madalas.
- Ang mga empleyado ay pinaaalalahanan na takpan ang kanilang mga pag-ubos at pagbahing gamit ang isang tisyu. Ang mga ginamit na tisyu ay dapat na itapon sa basurahan at dapat na hugasan ang mga kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig ng hindi bababa sa 20 segundo.
- Ang lahat ng mga empleyado, nagtitinda at delivery personnel ay binibigyan ng mga tagubilin tungkol sa pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya at paggamit ng mga maskara sa mukha kapag nasa paligid ng ibang mga tao.
- Ang mga empleyado ay wastong sinanay sa lahat ng mga pakikaralan at pamamaraan sa COVID-19.
- Isang pasulat, partikular sa lugar ng trabaho na plano sa COVID-19, kabilang ang pagtatasa sa panganib ng lahat ng mga lugar ng trabaho, ay binuo na.
- Isang itinalagang tao o maliit na koponan (team) ay itinukoy para ipatupad ang plano.
  - (Mga) pangalan ng (mga) taong responsable para sa Pagsunod sa COVID-19:  
\_\_\_\_\_
- Ang mga empleyado ay sinanay sa wastong paggamit ng mga produkto sa paglilinis at pagdidisimpekta, kabilang ang mga kinakailangan ng Cal/OSHA para sa ligtas na paggamit. Pinagkalooban ang mga empleyado ng mga apron, guwantes at iba pang pamprotektang kagamitan bilang inaatas ng produkto.
- Ang mga break room, mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta sa dalas na inilarawan sa ibaba, ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw, sa sumusunod na iskedyul:
  - Mga Break room \_\_\_\_\_
  - Mga Banyo \_\_\_\_\_
  - At iba pa \_\_\_\_\_
- Ang pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:  
\_\_\_\_\_
- Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:  
\_\_\_\_\_
- Ang mga kopya ng Protokol na ito ay naipamahagi na sa lahat ng empleyado.
- Opsyonal – Ilarawan ang iba pang mga hakbang:  
\_\_\_\_\_

## B. MGA HAKBANG PARA MATIYAK ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- Mga hakbang para tiyakin ang pisikal na pagdistansya ng hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan at sa piling ng mga empleyado, bisita, at publiko ay ipinatupad, kabilang ang mga lugar kung saan ang mga bisita at empleyado ay pumipila.
  - Kasama rito ang paggamit ng pisikal na panghiwalay o nakikitang mga tanda (hal., mga marka sa sahig o mga palatandaan para ipahiwatig kung saan tatayo ang mga empleyado at/o



- bisita).
- Kasama rito ang check-in, check-out, lobby ng mga elebeytor, mga kapehan (coffee shops) at kainan, at mga linya ng taksi at ridesharing.
  - Nagkabit ng mga pisikal na harang sa lahat ng mga counter ng transaksyon kung saan ang 6 na talampakang pisikal na espasyo ay hindi maaari sa pagitan ng mga empleyado at bisita.
- Ang mga bisita ay pumapasok sa mga pintuan na alinman ay tinukuran para bumukas (propped open), ginawang awtomatiko o manu-manong (manually) binubuksan ng isang empleyado na naghuhugas ng kamay ng madalas at/o gumagamit ng wastong hand sanitizer.
  - Mga pamamaraan sa pagpila sa panahon na sobrang abala (peak period queuing) ay ipinatupad, kabilang ang isang tagapagbati sa lobby kung saan naaangkop. Ang mga bisita ay pinapipila para mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga partido.
  - Ang lahat ng kasangkapang-bahay (furniture) sa mga pampublikong espasyo ay isinaayos para ibilang ang mga gabay ng panlipunang pagdistansya.
  - Ang mga hakbang sa pisikal na pagdistansya ay ipinatutupad sa mga lugar sa pag-break ng empleyado, mga lugar na may magkakatulad na kontrol, mga silid aralan para sa pagsasanay, mga pinagsasaluhang espasyo ng opisina, mga bintana sa mga serbisyo ng empleyado, at iba pang mga lugar na maraming tao para madistansyahan ng angkop ang pagitan ng mga empleyado.
  - Ang serbisyo sa silid ng bisita, paglalaba at mga serbisyo sa tuyong paglilinis (dry-cleaning), at iba pang mga paghahatid ng amenity ay ginagawa gamit ang walang kontak na pagkuha at mga protokol sa paghahatid, saanman maaari.
  - Ang nangangalaga ng bahay (room attendant) ay nagseserbisyo lamang sa mga silid kapag ang mga bisita ay wala roon.
  - Ang mga pagpupulong bago ang trabaho (pre-shift meetings) ng empleyado ay isinasagawa ng birtwal o sa mga lugar na nagpapahintulot para sa naaangkop na pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga empleyado.
  - Ang mga oras sa pagdating ng empleyado ay halinhinan para mapababa ang dami ng tao sa likuran ng koridor ng bahay at sa mga serbisyo ng elebeytor.
  - Ang mga empleyado ay hindi hinihikayat na magtipon-tipon sa mga lugar na maraming tao tulad ng mga banyo at pasilyo. Bumuo ng mga pangdireksiyong pasilyo at daanan para sa paglalakad, saanman maaari, para maiwasan ng mga tao na maglakad sa tabi ng isa't isa.
  - Ang mga espasyo ng opisina, mga lobby, mga lugar ng front desk check-in, sentro ng negosyo, mga lugar ng serbisyo ng concierge, at iba pang mga espasyo ay muling dinisenyo, saanman maaari, para tiyakin ang hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa espasyo ng trabaho at akomodasyon ng bisita.
  - Ang kapasidad ng elebeytor ay limitado sa 4 na indibidwal o isang pamilya sa iisang panahon para sa anumang elebeytor na hindi nagpapahintulot ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga sumasakay. Ang lahat ng mga sumasakay ay inatasan na magsuot ng mga tela na maskara sa mukha.
  - Ang mga empleyado ay inatasan na iwasan ang pakikipagkamay at pagbati na lumalabag sa pisikal na pagdistansya.
  - Ang tao-sa- tao na kontak para sa paghahatid ng mga kalakal (goods) sa mga pisikal na opisina ay tinanggal na, saanman maaari. Iwasan na hawakan ang mga panulat at clipboard ng ibang mga tao.
  - Ang amenities ng hotel tulad ng mga fitness center, mga serbisyo sa personal na pangangalaga, mga pagmamasaha, mga palaruan sa palakasan, mga restawran at mga bar ay maaaring bukas para sa mga bisita at publiko hangga't ang amenities na iyon ay pinagagana na sumusunod sa naaangkop na protokol.

## C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

### MGA KARANIWANG ESPASYO (CHECK-IN, LOBBY, MGA ELEBEYTOR, ATBP.)

- ❑ Ang sistema ng HVAC ay maayos na gumagana; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Isaalang-alang ang pagkakabit ng portable na napakahuhusay (high-efficiency) na mga air cleaner, pag-upgrade sa mga uri ng air filter ng gusali sa pinakamahuhusay (highest efficiency) hangga't maaari, at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang labas na hangin at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Tingnan ang [Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health or CDPH) para sa detalyadong impormasyon.
  - Mangyaring Tandaan: Ang bentilasyon at iba pang indoor na mga pagpapatalili sa kalidad (quality) ng hangin ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha (maliban sa mga tiyak na kapaligiran na may mataas na panganib na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapantali ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.
- ❑ Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita o panauhin ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagnat o panggiginaw, kamakailan na positibong pagsuri para sa SARS-CoV-2 virus at kung ang bisita ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukang pasilidad.
  - Ang mga bisita na sumasagot ng oo sa aliman sa mga katanungang ito ay hindi dapat pumasok sa nasasakupang lugar.
  - Ang mga panauhin na sumasagot ng oo ay dapat na bigyan ng mga tagubilin para limitahan ang kanilang pananatili sa kanilang silid at hindi nila dapat gamitin ang mga karaniwang lugar.
  - Ang mga panauhin na sumasagot ng oo ay maaaring i-rebook sa mga silid sa isang mas malayong lugar ng hotel na pauna ng pinili (pre-selected) para sa paggamit ng mga nasabing panauhin. Hinihikayat ang mga hotel na mag-alok ng mga karagdagang serbisyo sa sinumang panauhin na nagbubukod o nagka-quarantine, tulad ng araw-araw na pagtsetsek sa pagkamabuti (wellness check) sa pamamagitan ng telepono, serbisyong pangsilid, at karagdagang concierge na tulong para panintulutan ang panauhin na manatili sa kanilang silid.
- ❑ Ang mga kostumer at bisita na dumarating sa establecimiento ay pinaaalalahanan na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras (maliban habang kumakain/umiinom sa isang itinalagang lugar ng kainan, kung nasa angkop) habang nasa establecimiento o sa nasasakupang lupa ng establecimiento. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medical provider na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng face shield na may drape sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang drape na form-fitting sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara na may one-way valve ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang maskara sa mukha ay dapat na magamit ng mga bisita na dumarating na wala nito.
  - Ang mga panauhin at bisita na tumatangging magsuot ng isang telang pantakip sa mukha ay maaaring tanggihan ng serbisyo at sabihan na umalis.
- ❑ Ang mga kostumer na dumarating sa lugar na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, iwasan ang paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at nakasuot ng mga maskara sa mukha kung pinahihintulutan na ng edad.
- ❑ Ang mga panauhin ay inaabisuhan na kung sila ay magkakasakit, o kung hindi man ay mahahawaan

ng COVID-19, o kung sila ay nalantad sa virus na nagsasanhi ng COVID-19 sa kanilang pananatili, o kung sila ay sumasailalim sa anumang may kaugnayan sa paglalakbay na quarantine, dapat nilang abisuhan ang pangasiwaan ng hotel (hotel management). Dapat silang magbukod o mag-quarantine sa kanilang silid at lumayo sa mga karaniwang lugar. Ang nasabing panauhin ay dapat na alukan ng mga karagdagang serbisyo para pangasiwaan ang kanilang pamamalagi sa kanilang silid at wala sa mga karaniwang lugar.

- Para sa mga pasilidad o silid ng bisita na hindi na gumagana, padaluyin (flush) ang bawat mainit at malamig na kagamitang pantubig sa loob ng limang minuto bago muling buksan para mapalitan ang lumang tubig sa mga tubo ng pasilidad ng isang sariwa at ligtas na tubig.
- Ang mga produkto sa paglilinis at pagdidisimpekta na aprubado para sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa [aprubadong listahan ng Environmental Protection Agency \(EPA\)](#) ay dapat magamit ayon sa mga tagubilin ng tagagawa.
  - o Ang mga produkto sa pagdidisimpekta na nasa N na listahan na may mga sangkap na mas ligtas sa hika (asthma-safer) ay ang pinipili.
- Ang mga dispenser ng hand sanitizer (hindi hinahawakan, kailanman maaari) ay ikinabit sa mga pasukan ng pangunahing bisita at empleyado at mga lugar ng pakikipalamuha tulad ng mga daanan ng sasakyan, lugar ng resepsyon/tanggapan, lobby ng hotel, pasukan ng restawran, espasyo ng pagpupulong at kombensyon, mga daungan (landings) ng elevatoryor, palanguyan, salon at mga lugar ng ehersisyo.
- Ang mga tagapagsilbi (servers), tagapaglinis ng mesa (bussers), at iba pang mga empleyado na kumukuha ng mga bagay na ginamit ng mga kostumer habang kumakain (maruruming mga tasa, plato, napkin, atbp.) ay dapat magsuot ng mga patapong (disposable) guwantes bago ang pag-aasikaso.
- Ang walang-perang transaksyon (cashless transactions) ay hinihikayat. Kung makatwiran para sa pasilidad ng pagkain, ang mga kostumer ay pinagaganang i-swipe ang kanilang sariling mga credit/debit card, at ang mga card reader ay ganap na sinanitize sa pagitan ng paggamit ng bawat panauhin.
- Opsyonal - Ilarawan ang iba pang mga hakbang (hal. pauna ng plinano [pre-planned] na “down-time” ng mga indoor na lugar sa pagitan ng mga paggamit para sa karagdagang bentilasyon at pagdisimpekta):

---
- Ang walang kontak na teknolohiya (contactless technology) ay ipinatutupad para sa check-in, pagbabayad, pagpunta sa mga silid o paggawa ng mga espesyal na kahilingan, saanman maaari.
  - o Ang mga card na susi (key card) ay sina-sanitize pagkatapos gamitin.
- Hangang sa maaari, ang mga bisita sa hotel ay nakarehistro sa isang talaan na kasama ang pangalan ng bisita, numero ng telepono at email address na maaari ring gawin sa oras ng rehistrasyon.
- Ang mga telepono, tablet, laptop, mesa, panulat at iba pang mga supply sa trabaho ay nililinis at dinidisimpekta ng hindi bababa sa isang beses kada araw sa mga oras ng negosyo gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA. Kabilang rito ang mga telepono, radyo, kompyuter at iba pang mga aparato sa komunikasyon, mga terminal sa pagbabayad, mga gamit sa kusina, mga kasangkapan sa pag-inhinyero, mga buton na pangkaligtasan (safety buttons), malalaking aklat (folios), kart ng housekeeping at kagamitan sa paglilinis, mga susi, orasan, at lahat ng iba pang mga bagay ng direktang kontak.
- Ang mga estasyon sa trabaho, mga mesa, at mga counter ng tulong (help counter) ay pinagkalooban ng wastong mga produkto sa kalinisan, kabilang ang hand sanitizer at mga sanitizing wipes, at mga personal na hand sanitizer sa lahat ng mga kawani na direktang tumutulong sa mga



kostumer.

- Ang mga vacuum cleaner ay nilagyan ng mga HEPA filters. Ang mga empleyado ay gagamit ng mga vacuum cleaner sa halip na walisin ang mga sahig gamit ang mga walis, saanman maaari.
- Masinsinang paglilinis sa lahat ng mga lugar na maraming tao tulad ng mga lobby ng hotel, check-in counter ng front desk, bell desk, break room, at mga lugar ng pananghalian, lugar ng pagpapalit, pantalan ng pagkakarga (loading docks), kusina, at mga lugar sa pagpasok (ingress) at paglabas (egress) kabilang ang mga hagdan, hagdanan, hawakan ng kamay, at mga kontrol ng elebeytor ay isinasagawa.
- Ang mga ibabaw na karaniwang ginagamit, kabilang ang mga hawakan ng pinto, mga makina ng vending at yelo, mga suwits ng ilaw, telepono, mga pinto at kontrol ng washer at dryer, mga kart ng bagahe, mga hawakan ng pinto ng shuttle, mga pasilidad ng banyo at paghuhugas ng kamay ay nililinis ng mas madalas sa tinukoy na kailangan batay sa mga lugar na maraming tao o para sa mga ibabaw na nalantad sa mga indibidwal na walang maskara.
- Ang mga manggagawa ay pinagkakalooban ng oras para ipatupad ang mga kasanayan sa paglilinis sa oras ng kanilang trabaho.
- Ang mga banyo ay nililinis at dinidisispekta **ng hindi bababa sa isang beses kada araw** gamit ang mga pandisispekta na aprubado ng EPA alinsunod sa mga direksyon ng tagagawa, sa sumusunod na iskedyul:

- 
- Ang drayber ng serbisyo ng valet, mga nag-aasikaso ng bagahe, at mga nangangalaga ng bahay ay regular na maghuhugas ng kanilang mga kamay sa oras ng kanilang trabaho at/o gagamit ng wastong hand sanitizer.
  - Kung nagkakaloob ng serbisyo ng valet, ang mga drayber ng serbisyo ng valet ay inatasan na magsuot ng mga maskara sa mukha at panatilihin ang mga gabay sa panlipunang pagdistansya.
  - Kung nagkakaloob ng serbisyo ng van o shuttle, dapat silang sumunod sa mga kinakailangan ng serbisyo ng valet, kabilang ang paglilinis at pagdidisispekta ng mga lugar ng pag-upo sa pagitan ng mga bisita. Gumamit ng sasakyan na mas marami ang kapasidad hangga't maaari para pahintulutan ang 6 (anim) na talampakang pisikal na pagdistansya hangga't magagawa. Magtakda ng isang bilang sa kapasidad sa pasahero at ipaskil ito sa gilid ng sasakyan. Kung kailangan, magkaloob ng mas marami pang biyahe na may mas kaunting pasahero kada biyahe. Atasan ang paggamit ng mga maskara sa mukha sa lahat ng mga pasahero at drayber at iwanang nakabukas ang pinto para madagdagan ang bentilasyon, kung posible, habang bumabiyahe. Kung ang lahat ng mga pasahero at drayber ay fully vaccinated, samakatuwid ang van o shuttle ay maaaring patakbuin sa 100% kapasidad.
  - Ang mga pasahero ng sariling pagpaparada (self-parking) ay hinihikayat sa mga bisita.

### MGA SILID NG PANAUHIN

- Ang mga bellman/porter ay magsusuot ng mga maskara sa mukha kapag hinahawakan ang bagahe ng bisita. Saanman maaari, ang mga naihatid na bagahe ay ilalagay ng bisita sa silid.
- Ang silid na mini bar ay bukas para sa paggamit ng bisita.
- Ang room attendant ay iiwasang hawakan ang mga personal na ari-arian ng mga bisita kapag naglilinis.
- Ang mga room attendant ay may sistema ng bentilasyon na tumatakbo at/o bukas ang mga bintana kailanman maaari para dagdagan ang sirkulasyon ng hangin kapag nagseserbisyo sa mga silid. Tingnan ang gabay ng Public Health sa pagpapahusay (optimizing) ng [bentilasyon](#).
- Ang room attendant ay pinapayagan ng ekstrang oras sa paglilinis ng silid para ibilang ang mga kinakailangang pag-iingat at pahintulutan silang magsagawa ng mas masinsinang paglilinis at pagdidisispekta ng mga silid sa pagitan ng mga bisita, kailanman inaatas.
  - o Ang mga housekeeper ay pinagkakalooban ng naaangkop na pamprotektang kagamitan para sa

paglilinis.

- Ang mga ibabaw sa loob ng mga silid ng bisita ay nililinis at dinidisimpekta araw-araw kapag nililinis ang mga silid.
- Sapat na sabon na pangplato (dish soap) at bago, hindi pa nagagamit na espongha, mga pandisimpektang pamunas ay pinagkakaloob sa bawat bisita sa kanilang pagdating.
- Ang lahat ng gamit sa bahay at mga lugar sa kusina, kabilang ang istante (shelves) ng reridayerytor, ang itaas ng kalan, mga coffee maker, mga toaster, mga shelves ng pantry at iba pang mga lugar ay nililinis sa pagitan ng bawat pananatili ng bisita.
- Ang mga housekeeper ay pinagkakalooban ng mga guwantes kapag nagtatanggal ng maruruming lino (linen). Ang maruruming linen ay inilalagay sa mga isahang-gamit, at selyadong supot.
- Ang lahat ng mga tuwalya at linen ay tinatanggal at nililinis sa pagkakatapos ng bawat pananatili ng bisita maging kung ito man ay mukhang nagamit o hindi.
- Ang lahat ng kubre-kama at labahin ay nilalabahan sa mataas na temperatura at naaayon sa [mga gabay ng CDC](#).
- Ang lahat ng hindi kinakailangang (nonessential) pagmementena ay nareiskedyul kapag ang silid ay hindi okupado. Asikasuhin lamang ang mga pang-emerhensiya o malalimang isyu gaya ng pinahihintulutan ng naaangkop na batas saanman maaari.
- Para sa mga silid ng panauhin kung saan ang isang panauhin ay nagbubukod o nagka-quarantine, ang mga kawani ay pinapayuhan na umalis at bawiin ang lahat ng mga gamit sa pamamagitan ng pag-iwan ng mga ito sa pintuan, sa labas ng silid.
- Kung posible, ang mga wellness checks, sa pamamagitan ng araw-araw na pagtawag sa telepono, ay iniaalok sa sinumang panauhin na nagbubukod o nagka-quarantine sa isang silid ng panauhin. Kung ang nasabing panauhin ay kailangang lisanin ang hotel para sa medikal na pangangalaga, ang kawani ng hotel ay mangangasiwa sa pamamagitan ng pagtulong sa panauhin na lumabas sa mga lugar na walang iba pang mga panauhin.

### MGA KONSIDERASYON SA SHORT-TERM RENTAL

- Sarili o malayuang check-in at check-out ay iniaalok saanman maaari.
- Mga pamantayang (standard) oras ng check-in at check-out ay ipinapatupad para pahintulutan ang pinahusay na mga proseso sa paglilinis sa pagitan ng mga pananatili ng bisita.
- Ang nirerentahang yunit (rental unit) ay masinsinang nililinis at dinidisimpekta pagkatapos ng bawat pananatili ng bisita. Kasama rito ang pagpupunas at paglilinis at pagdidisimpekta ng mga lugar na madalas mahawakan, kabilang ang mga hawakan ng kama, mga mesa, remote ng TV, ulunan ng kama, ibabaw ng counter, mga appliance sa kusina, hawakan ng reridayerytor, pihitan ng kalan, salamin, at iba pang mga bagay.
- Kung ang alan na ang panauhin ay nagbubukod o nagka-quarantine sa silid, hayaang sarado ang silid at hindi na okupahan ng 24 na oras, pagkatapos ay magsagawa ng isang malalimang paglilinis (deep cleaning) tulad ng iniutos sa matrix ng paglilinis: <http://publichealth.lacounty.gov/media/Coronavirus/docs/protection/CleaningMatrix.pdf>.
- Ang lahat ng nireresiklo (recycling), basura at basurahan ay tinatanggal sa pagitan ng bawat pananatili ng bisita. Kasama rito ang pagtanggap at pagtapon ng anumang pagkain na maaaring natira sa reridayerytor, freezer, at pantry.
  - Ang mga basurahan ay ginagamitan ng mga patapong (disposable) supot.
- Ang mga lagayan ng labada ay nililinis at dinidisimpekta pagkatapos ng bawat paggamit.
  - Ang mga lagayan ay ginagamitan ng isang sapin na alinman ay itinatapon o nalalabahan pagkatapos ng bawat paggamit.
- Ang lahat ng mga linen ay tinatanggal at nilalabahan sa pagitan ng bawat pananatili ng bisita, kabilang ang

mga bagay na mukhang hindi nagamit.

- Gumamit ng mga guwantes kapag nagtatanggal ng maruruming mga linen. Ang maruruming linen ay inilalagay sa minsanang-gamit, at selyadong mga supot.
- Hugasan agad ang mga kamay gamit ang sabon o gumamit ng hand sanitizer pagkatapos tanggalin ang mga guwantes.
- Walang ekstrang mga linen ang itatabi sa rental unit. Ipinagkakaloob lamang ang mga linen kapag hiniling.
- Ang lahat ng mga kubre-kama at labada ay nilalabahan sa mataas na temperatura at nililinis alinsunod sa [mga gabay ng CDC](#).
- Ang lahat ng mga malalambot na ibabaw ay nililinis batay sa mga tagubilin ng tagagawa. Kasama rito ang mga bagay na tulad ng karpeta, sapin ng kama, mga kurtina, at tapiserya (upholstery).
- Ang mga vacuum cleaner ay nilagyan ng mga HEPA filter. Isang vacuum cleaner ang ginagamit sa halip na walisin ang mga sahig gamit ang mga walis, saanman maaari.
- Ang mga banyo, paliguan, banyera (bathtubs), lababo, kabinet, at istante ay iniispreyan gamit ang isang multi-surface na panglinis na aprubado sa paggamit laban sa COVID-19. Ang mga salamin at anumang babasagin ay wastong pinupunasan. Ang mga sahig ng banyo ay nilalampaso at/o bina-vacuum.
- Ang rental unit ay pinagkakalooban ng karagdagang sabong pangkamay, mga tuwalyang papel, tisyu, pandisimpektang spray o mga pamunas at hand sanitizer.
- Ang external o propesyonal na mga kumpanya sa paglinis, kapag ginamit, ay nagkakaloob ng panapanahong kumpirmasyon na ang mga pamantayan sa paglilinis at pagdidisimpekta ay nasusunod.
- Ang mga bisita ay inaabisuhan sa mga hakbang sa paglilinis at kaligtasan parehong bago ang pananatili (pre-stay) at sa panahon ng pananatili (during stay), sa pamamagitan ng listahan ng nilalaman at booklet sa impormasyon ng ari-arian.
- Ang lahat ng nonessential na pagmementena ay nakaiskedyul kapag ang rental unit ay hindi okupado. Asikasuhin lamang ang mga pang-emerhensiya o madaliang isyu gaya ng pinahihintulutan ng naaangkop na batas saanman maaari.
- Ang sistema ng HVAC ay maaayos na gumagana; hanggang sa maaaring pinakamalayang saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Ang mahuhusay na panalang (high filtration efficiency) na mga filter ay ginagamit at pinapalitan ng regular. Tingnan ang [Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasa at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran](#) ng CDPH para sa detalyadong impormasyon.
  - **Mangyaring Tandaan:** Ang bentilasyon at iba pang indoor na mga pagpapabuti sa quality ng hangin ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga pantakip sa mukha (maliban sa mga tiyak na kapaligiran na may mataas na panganib na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.

#### D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Ang isang kopya ng protokol na ito o, kung natanggap, ang nailimbag na Sertipiko ng Pagsunod sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County ng pasilidad ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa

pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang <http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm>. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisiyasat, sa oras na hilingin.

- Ang mga bisita ay inaabisuhan sa mga patakaran at pamamaraan ng pasilidad bago ang kanilang pagdating. Kabilang rito ang karapatan na mag-cancel ng mga reserbasyon para sa mga partido na may mga panauhin na nagpapakita ng mga sintomas at karapatan sa bagong mga pamamaraan ng check-in, mga pangangailangan sa pisikal na pagdistansya, at mga iskedyul sa paglilinis at pagdidisimpekta para sa mga akomodasyon, kagamitan, at mga karaniwang lugar. Tandaan na ang mga hotel ay hinihikayat na maging handa para maasikaso ang mga panauhin na may COVID-19 o pagkakalantad sa virus sa mga partikular na lugar sa hotel, at para pangasiwaan ang kanilang kakayahan na magbukod o mag-quarantine.
- Isang karatula ay nakapaskil na pinaaalalahanan ang mga bisita at ang publiko na magpanatili ng pisikal na pagdistansya na anim na talampakan, magsuot ng maskara sa mukha, magnugas ng mga kamay o gumamit ng sanitizer sa pagpasok, at manatili sa bahay kung sila ay may sakit o may mga sintomas na pareho sa COVID-19.
  - Ang mga panauhin ay pagkakalooban ng mga maskara sa mukha sa pagpasok sa hotel kung wala sila nito.
- Isang karatula ay nakapaskil sa mga elebeytor na ipinapaalam sa mga sumasakay ang pinakamaraming bilang ng mga sakay at ang mga maskara sa mukha ay dapat na isuot.

**E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO**

- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer/kliyente ay binigyang prayoridad.
- Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring ialok ng malayuan (remotely) ay inilipat sa on-line.
- Pinasimulan ang mga hakbang para masigurado ang akses sa mga kalakal (goods) at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib kung nasa mga pampublikong lugar.

**Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi nabanggit sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.**

**Maaaring kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:**

**Pangalan ng Kontak ng Negosyo:**

**Numero ng telepono:**

**Petsang Huling Nirebisa:**

---

---

---